# Ang kaparusahan ay para sa sakong [ng paa] sa Apoy [ng Impiyerno]

Ayon kay Abe Hurayrah at `Abdullah bin `Amr at `Aishah-malugod si Allah sa kanila- Buhat sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-:Tunay na siya ay nagsabi: Ang kaparusahan ay para sa sakong [ng paa] sa Apoy [ng Impiyerno]
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - napagkaisahan ang katumpakan sa dalawang salaysay niya]

Nagbibigay babala ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-mula sa kapabayaan sa pagsasagawa ng Wudhu at sa kawalang-ingat rito,At hinihimuk niya ang pangangalaga sa pagpapaganap rito,Ngunit ang sakong ng paa-sa kadalasan-ay hindi inaabot ng tubig sa [pagsasagawa ng] Wudhu,Kaya`t nagkakaroon ng kamalian sa Pagdadalisay at Pagdarasal.Sinabi niya na ang kaparusahan ay nagmumula rito at sa taong nagmamay-ari nito na nagpapabaya sa kadalisayan niya sa Batas ng Islam.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3535